

PANGAKO

Ni: CorrectionFluid

Kung tayo'y matanda na,

Sana'y di tayo magbago ..

Kailan man, nasaan ma'y

Ito ang pangarap ko ...

"ANG ganda talaga ng boses mo." Sambit niya sayo.

Napangiti ka dahil sa pagpuri niya sa ganda ng kanta mo. Tumaba na naman ang puso mo dahil sa narinig mo.

Hindi talaga siya pumapalya sa paggawa ng mga bagay na tunay na makapagpapangiti at makapagpapasaya sayo.

Wala ka nang hahanapin pa. Lahat – lahat na ng nanaisin mo sa isang mamahalin, binigay na lahat sayo. Ang pagmamahalan niyo ay tunay, wagas at perpekto.

"Salamat. Syempre, para sayo talaga yan." Sagot mo sa kanya.

Namula ang pisngi niya dahil sa sagot mo. Hindi mo alam kung bakit, pero sa nakikita mo ngayon sa kanya, mas lalo kang natutuwa, mas lalo kang sumasaya.

Mas lalong umaapaw ang pagmamahal mo sa kanya.

Sa panonood niya sayo, doon mo naalala lahat ng alaala .. kung paano kayong nagsimula, kung paano kayo nagkakilala hanggang sa kung paano kayong humantong sa seryosong relasyon na siyang pinapangarap mo.

IKALAWANG taon niyo pa lang sa kolehiyo nang magkakilala kayo. Simple lang ang araw na 'yon, akala mo, normal lang ang lahat .. humahangos ka pa nga pauwi dahil gustung – gusto mo ng makapagpahinga at maramdaman ang lambot ng kama sa likod mo.

Nagkabanggaan kayo dahil sa di – inaasahan at sinasadyang pagkakataon. Magaan agad ang loob mo sa kanya sa unang pagtatama palang ng mga mata niyo. Natuwa ka dahil naulit sa isang normal na sitwasyon ang pagkikita niyong dalawa. Hanggang sa inaya ka niyang lumabas. Na nasundan, at nasundan pa.

At sa ika – dalawamput – walong araw ng buwan ng Setyembre, naging opisyal ang pagmamahalan niyo.

Wala kayong naging problema. Naging malinis at mapang – unawa ang relasyon niyong dalawa. Perpekto, ika nga ng nakararami. At pag may nagtatanong kung anong sikreto at tila, wala kayong pinagkaka – samaan ng loob ay ito lagi ang sagot niya:

“Aanhin namin ang pag – aaway?! May mabuting dulot ba yan? Kaysa mag – aksaya kami ng panahon sa pag – dedebate e di magmamahalan na lang kaming dalawa. At least 'yon, mas naipapakita pa namin kung gaano namin kamahal ang isat – isa.”

Marami ang bumibilib pero mas marami ang kumukondena sa relasyon niyo. Nakakatawa, dahil naiisip mo .. na ang mga tao talaga, handang manira ng buhay ng may buhay alang – alang sa pansarili nilang kasiyahan.

Pero ipinaramdam niya sayo na kahit anong mangyari, kahit ano at sino pa ang magtangkang sumira sa inyong dalawa ..

Hinding – hindi magbabago yung katotohanan na ikaw lang ang mamahalin niya.

Kalaban niyo man ang halos lahat ng taong nasa paligid, wala na kayong pakialam. Mas madaling lumaban kung alam niyo sa sarili niyo na kahit kailan, kamay niyong dalawa ang magkahawak at sabay na haharap sa lahat ng pasakit at problema.

Iyon nga lang .. hindi naman doon natatapos ang lahat ..

Ang lahat ng bagay na nag – uumpisa ay hahantong din sa sukdulan.

At kahit na ayaw niyo mang dalawa, ang lahat ng bagay ay dadating din sa katapusan.

"ININOM mo na ba yung gamot mo?" Tanong niya sayo.

Mapakla kang napangiti dahil sa tanong niya sayo. Isa na namang sampal ng katotohanan ang natanggap mo.

"Wala na rin namang epekto kaya, bakit pa 'ko iinom? Sisirain ko lang yung atay ko e." Nakatungong sagot mo sa kanya.

Naramdaman mo ang matiim na pagtitig niya sayo. Alam mo na nalulungkot na naman siya dahil sa narinig niya. Ayaw niyang mawalan ng pag – asa pero saan siya kukuha ng pag – asa, kung ikaw mismo, napapagod ng lumaban?

Hanggang sa naramdaman mo na lang ang mga bisig niya na yumakap sa likod mo. Dagling gumaan ang loob mo at naglaho ang lahat ng mabigat na damdaming naghahari sa puso mo.

"Diba, sabi ko naman sayo, hanggat kaya nating lumaban, lalaban tayo?" Naramdaman mong nakapatong ang baba niya sa balikat mo. Gusto mong magdiwang .. dahil sa kabila ng lahat, mayroon ka pa ring tulad niya na nakakasama mo sa lahat ng bagay .. magmula sa hirap hanggang sa kasaganahan.

Tila nanunumbalik ang pag – asa mo .. na siguro nga, sa puntong 'to, handang pakinggan ng Panginoon ang dalangin niyong pareho ..

Na sana .. sa pangalawang pagkakataon .. payagan Niya na magkasama kayo at hindi na paghiwalayin pa magpakailanman.

"Opo. Wag kang mag – alala, hindi kita iiwan. Lalaban tayo .."

Nanatili lang kayo sa ganoong ayos. Mas gugustuhin mo rin naman na maramdaman ang pagmamahal niya sayo lalo na sa mga oras na tila, nauupos na parang kandila ang lahat ng natitirang pag – asa mo.

Sabay tayong mangangarap

Nang nakaraan sa 'tin ..

Ang nakalipas ay ibabalik natin, hmm

Ipapaalala ko sa 'yo

"I love you, Kiko." Punung – puno ng pagmamahal na sambit mo sa kanya.

"Mahal din kita, Alex." Sagot naman niya na siyang nagpangiti sayo.

Naramdaman mo ang kapanatagan sa puso niya dahil sa sinabi mo. Sandaling naghari ang katahimikan sa pagitan niyo. Dinig na dinig mo ang mabilis na pagtibok ng puso mo dahil sa nag – uumapaw na emosyon na tila, nararamdaman niyong dalawa.

At dahil dito, napausal ka ng isang bagay na tanging ikaw lamang ang makaririnig.

"Lalaban tayo .. Kahit na walang kasiguraduhan na mananalo tayong pareho, sa laban nating 'to."

Ang aking pangako

Na ang pag-ibig ko'y laging sa 'yo

Kahit maputi na ang buhok ko ..

-THE END-

© CorrectionFluid

September 28, 2012

Note:

Kambal, wahahaha. Hindi ko kasi alam kung gusto mo ba na namesungs niyo ni Kev ang nakalagay, but just in case, pwede mong baguhin sina "Kiko" at "Alex". At least pareho ng first letters ng names niyo, diba?

Joke lang din yung September 28. Hahaha. Hindi ko kasi alam ang date ng anniv niyo e. :">

TSAKA ANO! SORRY, hahaha. Nung ginagawa ko kasi `to, wala akong maisip na matinong "masayang" plot. Pero oks lang yan, at least til the end, magkasama sila. Hehehe. Love youuu! (* w *)